# Banghay  Aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao 6

## Aralin 8      Pangako o Pinagkasunduan

**Bilang ng araw ng Pagtuturo:**

5 Araw ( 30 Minuto sa bawat araw o 150 minuto)

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikipagkapwa tao na may kaakibat na paggalang at responsibilidad.

**Pamantayan sa Pagganap:**

Naisasabuhay ang pagkakaroon ng bukas na isipan at kahinahunan sa pagpapasya para sa kapayapaan ng sarili at kapwa.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

**I. LAYUNIN:**

2. Naipapakita ang kahalagahan ng pagiging responsable sa kapwa:

2.1 pangako o pinagkasunduan

Code:  EsP6P-IIa-c-30

**PAKSA: Aralin 8   "Pangako, hindi dapat mapapako."**

a. **Sanggunian: EsP - K to 12 CG d. 82**
b. **Kagamitan:** powerpoint presention, metacards, *permanent marker* at masking tape
c. **Pagpapahalaga:** Pagkamapanagutan (responsibility)

**II. PAMAMARAAN**

**Unang Araw**

**A. *Panimulang Gawain:***

Pagbati ng guro ng magandang buhay sa mag-aaral.

Pagtitsek kung sinong liban sa klase.

Ipabasa  ang panimula ng aralin.

Talakayin ang *Mahalagang Kaisipan*.

**Balik-aral**

**1.**Ano- ano ang mga paraan ng pagkalap ng impormasyon?

2. Anong mahalagang balita ang nakalap ninyo kahapon?

**Pagganyak**

Magpakita ng video clip presentation

Mga tanong:

1. Base sa inyong nakitang video clip, ano ang inyong napansin?
2. Sa inyong palagay, ano kaya ang ipinapahiwatig na mensahe nito?

## *B. Panlinang na Gawain*

***1. Alamin Natin***

1. *Bumuo ng apat na pangkat*
2. *Bawat pangkat ay bubunot ng isang numero na may naka akdang Gawain.*
3. *Ayusin ang mga titik ng bawat salita upang mabuo ang tamang konsepto.*
    a. *Koganpa*
    b. *Andusunka*
    c. *Nanapatangu*
    d. *Biliresdadponsi*
4. *Ipaliwanag ang pagkakaintindi sa nabuong salita.*

***(Magkaroon ng closure bawat araw)***

**Ikalawang araw**

***2. Isagawa Natin***

a. Pagbati sa mag-aaral.
b. Balik-aral. Itanong :
    1. Tungkol saan ang video clip na nakita ninyo kahapon?
    2. Ano ang pagpapahalaga na inyong natutuhan tungkol sa aralin?
    3. May mga kasunduan ba kayo sa loob ng bahay? Magbigay ng halimbawa. Bakit ito ang mga naging kasunduan ninyo? Nasunod ba ito? Bakit?
c. Ipakita ang mga larawan na nagpapakita ng mga sumusunod na kasunduan at pangako:
    a. Pagpapatala sa paaralan
    b. Kasal
    c. Kontrata
    d. Paggamit ng uniporme
    e. Batas trapiko
d. Talakayin ang sagot ng mga mag-aaral

Ano pang mga pangyayari o karanasan ninyo sa buhay na nagkaroon kayo ng pangako o kasunduan? Gawin ito sa pamamagitan ng paggawa ng isang poster.
Isa sa bawat pangkat.
Tema: "Pangako mo, Tuparin mo."

e. Ibigay ang rubrics para sa gawain.
(Para sa guro)
Tandaan na ang rubrics ay magmumula sa pagsang-ayon ng mga mag-aaral at guro sa paggagrado ng gawain.
Maaari rin naming ito ay galing sa guro ngunit dapat ay may konsultasyon sa mag-aaral upang lalong mapaganda ang rubrics.
f. Pangkatin ang mag-aaral sa lima at ipakita ang kanilang gagawin.
g. Bigyan sila ng limang minuto para sa preparasyon at karagdagang dalawang minuto sa presentasyon.

h. Magkaroon ng maikling paglalahat sa nakaraang gawain.
Unang pangkat
Pangalawang pangkat
Pangatlong pangkat
Pang-apat na pangkat

**(closure)**

**Ikatlong Araw**

## 3. *Isapuso Natin*

a. Balik-aral sa nakaraang talakayan.

**(Pre-assigned task)**

(***Paalala sa Guro:*** Papipiliin ng guro ang pangkat ng kanilang aktor at aktres upang maisadula ang kanilang napiling senaryo tungkol sa pagiging responsable sa pagtupad ng pangako o pinagkasunduan.

b. Talakayin ang mga ginawa ng mga mag-aaral.
Itanong:
1. Bilang mag-aaral, ano ang mararamdaman mo kung ang isang pangako ay hindi natupad?
2. Paano ito makaaapekto sa iyong pakikipagkapuwa-tao?
3. Sa inyong palagay, bakit mahalaga ang pagiging responsable sa kapwa sa pagtupad ng pangako o pinagkasunduan?

**(closure)**

**C. Pangwakas na Gawain**

Ikaapat na Araw

### 4. *Isabuhay Natin*

a. Sumulat ng isang awit o tula na tungkol sa isang pangako.
b. Tumawag ng dalawang boluntir na maglalahad ng kanilang ginawa.
c. Pagtalakay sa sagot ng mga mag-aaral.

**(closure)**

**Ikalimang Araw**

**III. Pagtataya**

### 5. *Subukin Natin*

1. Muling itanong ang nasa Isabuhay at tumawag ng ilang mag-aaral upang magbahagi.
2. Ipabuo ang mga pahayag batay sa napag-aralan.

**(closure)**

IV. **Takdang -aralin**

Gumawa ng panata tungkol sa pagiging responsable sa pagtupad ng pangako o kasunduan.

**Repleksiyon:**

**(**Paalala sa guro: ***Maaaring*** itala ng guro ang repleksiyon pagkatapos ng aralin.

Halimbawa ng **closure:**

Pagbati! Natapos mong muli ang isang aralin. Naniniwala akong kaya niyong tumupad sa mga pangako at maging responsable sa kasunduang ginawa.

Ipagpatuloy mo ang mabuting gawaing ito. Pagpalain kayo ng Diyos!

Inihanda nina:

JOVITA S. DUGENIA
RUFAIDA H. ALFARO
MARIA PILAR A. BAKIL
JOCELLE C. JAMANDRE